Binabati kita!

Sa lalong madaling panahon ay magsisimula ka nang tumanggap ng mga serbisyong medikal sa pamamagitan ng QUEST Expanded Access (QExA). Ang bagong programang ito ng Medicaid ay para sa mga matatanda na may edad na 65 pataas, at para sa mga tao na may kapansanan, anuman ang edad.

Itago ang polyetong ito. Taglay nito ang maraming impormasyon tungkol sa kung paano magpapagamot sa pamamagitan ng iyong planong pangkakusugan sa QExA.

Pagkatapos mong pumili ng isang planong pangkalusugan, padadalahan ka namin ng sulat na may:

- Pangalan ng iyong planong pangkalusugan.
- Petsa kung kailan nagsimula ang pagiging miyembro mo sa iyong planong pangkalusugan.

Patuloy kang tatanggap ng iyong mga serbisyong medikal nang katulad sa ngayon, hanggang sa magsimula ang pagiging miyembro mo ng iyong planong pangkalusugan. Abangan ang sunod naming sulat para sa karagdagang mahahalagang impormasyon.

Ang iyong planong pangkalusugan ay magpapadala sa iyo ng isang Member Handbook o Aklat para sa Miyembro, sa lalong madaling panahon. Kung mayroon kang mga tanong, tumawag sa Member Services Hotline ng iyong planong pangkalusugan:

- Evercare:
  Libreng tawag sa **1-888-980-8728**
  Libreng tawag sa TTY **1-888-685-8480**
- ‘Ohana Health Plan:
  Libreng tawag sa **1-888-846-4262**
  Libreng tawag sa TTY **1-877-247-6272**

Madaling Dagdagan ang Kaalaman Tungkol sa QExA. Maaari mong:

- Tumawag **nang libre sa Helpline sa**
  1-866-928-1959

  Bukas ika-8 nang umaga hanggang ika-5 ng hapon, Lunes hanggang Biyernes

  Libre ang tawag sa linya ng TTY sa
  1-866-928-1958
- Bisitahin kami sa internet sa
  www.qexa.org
- **Tumawag sa mga Planong Pangkalusugan ng QExA:**

  Evercare:
  Libreng tawag sa **1-888-980-8728**
  Libreng tawag sa TTY **1-888-685-8480**

  ‘Ohana Health Plan:
  Libreng tawag sa **1-888-846-4262**
  Libreng tawag sa TTY **1-877-247-6272**

QExA HAWAI‘I
QUEST Expanded Access for Healthy Long-Term Living

Sponsored by the State of Hawai‘i
Department of Human Services
Med-QUEST Division
BRO 2 – Tagalog – 10/08

QExA HAWAI‘I

QUEST Expanded Access for Healthy Long-Term Living

Paano Makakakuha ng Pangangalaga sa Ilalim ng QExA

Tumawag **nang libre sa Helpline sa**
1-866-928-1959

Bukas ika-8 nang umaga hanggang ika-5 ng hapon Lunes hanggang Biyernes

Libre ang tawag sa linya ng TTY sa
1-866-928-1958

www.qexa.org

若需详细中文资料，请使用免费电话1-866-928-1959寻取协助。

PARA SA KARAGDAGANG TANONG SA TAGALOG, TAWAGAN PO LAMANG ANG LIBRENG LINYANG PWEDENG TUMULONG SA INYO DITO SA 1-866-928-1959

PARA DAGITI KAYAT TAYO A DAMAGEN TI ILOCANO, AWAGAN LAENG DAYTOY LIBRE A LINYA NGA MABALIN A MAKATULONG KADATAYO IDIAY 1-866-928-1959

자세한 한국어 안내를 원하시면 수신자 부담 무료 안내전화 Helpline(1-866-928-1959번)으로 전화주시기 바랍니다.

Pagkuha ng Pangangalagang Kailangan Mo

Sa QExA, magagamot ka sa pamamagitan ng isang planong pangkalusugan na ikaw ang pumili. Kasama ng iyong planong pangkalusugan ang isang grupo ng mga tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan o mga healthcare provider, tulad ng mga doktor, ospital, parmasiya at mga pasilidad para sa pangangalaga.

Pipili ka ng isang doktor, na tinatawag na Pangunahing Doktor na Tagapangalaga (Primary Care Provider o PCP), na siyang mag-aasikaso ng iyong mga pangangailangang kaugnay ng kalusugan. Ikaw, ang iyong doktor, at ang iyong planong pangkalusugan ay sama-samang kikilos upang mapanatili na ikaw ay malusog. Kung hindi mo pa napipili ang iyong PCP, tumawag sa telepono ng Mga Serbisyo para sa Miyembro ng iyong planong pangkalusugan.

Nakikipag-ugnayan din ang QExA ng para sa mga ekstrang serbsiyo ng Medicaid, tulad ng mga serbisyo para sa ngipin, mga serbisyo para sa kalusugan sa paaralan, mga serbisyo para sa kalusugan ng isip o utak, at pangangasiwa ng mga kaso ng mga kliyenteng may kapansanan o suliranin sa pag-iisip o sa paglaki (developmental disabilities at mental retardation).

Ang Member Handbook o Aklat ng Miyembro para sa iyong planong pangkalusugan ay may mga karagdagang impormasyon tungkol sa kung saan ka pupunta para sa mga serbisyo.

Matatawagan mo ang iyong planong pangkalusugan sa:

- EverCare:
  Libreng tawag sa **1-888-980-8728**
- ‘Ohana Health Plan:
  Libreng tawag sa **1-888-846-4262**

O tumawag nang libre sa QExA Helpline sa **1-866-928-1959.**

Mga GagawinKasama ang Iyong PCP

Bilang miyembro ng QExA, tatanggap ka ng mga serbisyong medikal sa pamamagitan ng doktor na pinili mo bilang Pangunahing Doktor na Tagapangalaga (Primary Care Provider o PCP). Kung may sakit ka at kailangan mong magpatingin, pumunta ka sa iyong PCP.

Sa QExA, makikilala mo ang iyong PCP at makikilala ka ng iyong PCP, pati na ang kasaysayan ng iyong kalusugan. Sa ganitong paraan, mapapangasiwaan ninyo ang mga suliraning pangkalusugan bago pa man lumala ang mga ito.

Kung kailangan mo ng mga serbisyong medikal, aasikasuhin ng iyong PCP ang pangangalaga sa iyo. Sa maraming mga pagkakataon, papupuntahin ka sa ibang doktor o pasilidad na kasali sa iyong planong pangkalusugan. Referral ang tawag dito.

May ilang mga sakop na serbisyong para sa pangangalaga ng kalusugan na hindi na mangangailangan ng referral. Para sa karagdagang kaalaman, tumawag sa telepono ng Serbisyo para sa mga Miyembro ng iyong planong pangkalusugan o tumawag nang libre sa **1-866-928-1959.**



Mga Ekstrang Serbisyo ng QexA

Tagapag-ugnay ng Serbisyo o Service Coordinator

Lahat ng mga miyembro ng QExA ay may Service Coordinator. Ang iyong Service Coordinator ay hindi mo doktor, kun’di ay isang tao na siyang kikilos para sa iyong planong pangkalusugan, at tutulong sa iyo sa pamamagitan ng:

- Pagpapabuti ng paraan kung paano mong nakukuha ang iyong mga serbisyong medikal.
- Pagganap sa isang mas aktibong papel sa pangangalaga sa iyo, tulad ng pakikipag-ugnayan sa iyong pamilya at sa mga tagapangalaga o caregiver, upang matiyak na makukuha mo ang pangangalagang kailangan mo, sa tamang kalagayan.
- Pagpapaliwanag sa iyo kung paanong gagamitin ang mga benepisyo mo sa QExA.
- Paghahanap ng mga kasagutan sa mga tanong mo tungkol sa pangangalaga sa kalusugan o sa mga tagapagkaloob o provider.

Kung sakaling gusto mo ng ibang Service Coordinator, tumawag lamang sa iyong planong pangkalusugan para makakita ka ng isang bagong Service Coordinator.

Outreach at Pagpapayo ukol sa Pagpapatala o Enrollment Counseling

Ang QExA ay nagbibigay ng impormasyon at suporta sa mga miyembro sa pamamagitan ng libreng tawag sa Helpline, at sa pamamagitan ng mga gawaing nakahimpil sa mga komunidad. Madadagdagan ang iyong kaalaman at masasagot ang iyong mga tanong sa pamamagitan ng:

- Pagtawag sa libreng Helpline sa **1-866-928-1959.**
- Pagbisita sa amin Internet sa www.qexa.org.